

# Agribista: Pag-oorganisa at kolektibong pamamahala sa agrikultura ng Molinete Farmers Association ng Laurel, Batangas

---

Wilfredo P. Awitan

*Ang Agribista ay mula sa pinagsamang mga salita na agrikultura at aktibista. Ito ay tungkol sa kolektibong pagkilos ng Molinete Farmers Association (MOFA) ng Laurel, Batangas upang isulong ang sustenableng programa ng agrikultura sa Molinete. Ang mga karanasan ng MOFA sa pag-oorganisa, mobilisasyon, at pakikipag-ugnayan sa mga suportang institusyon ay naka-ugat sa pagtataguyod ng samahan patungo sa likas – kayang pag-unlad.*

*Sinasalamin ng karanasan ng MOFA ang paglalakbay mula sa kawalan ng pagkilos at direksyon ng dating samahan ng mga magsasaka - tungo sa mas aktibo at kolektibong pagkilos sa agrikultura para sa kapakanan ng kasapiang tungo sa sustenableng pag-unlad.*

Susing Kataga: Agribista, pagpapaunlad ng pamayanan, pag-oorganisa, likas-kayang pagsasaka.

## Panimula

Ang mga magsasaka, bilang bahagi ng batayang sektor, ay mahalagang pundasyon ng kaunlarang panglipunan. Ang lupa at yaman ng pagsasaka ang kanilang puhunan upang maitawid ang kumakalam na sikmura at maitindig ang pagkakakilanlan bilang mahalagang sektor ng lipunan. Sa matagal ng panahon, patuloy ang pagpapahayag nila ng pagnanais ng pagbabago sa sistemang agrikultura at sistemang panglipunan.

Ang Molinete Farmers Association (MOFA) ay isang samahan ng mga magsasaka sa barangay ng Molinete, sa bayan ng Laurel,

Batangas. Ang samahan ay nagpapalaganap ng “natural farming system” o sistema ng pagsasaka gamit ang mga natural at organikong pamamaraan.

Malaking bahagi ng lupain sa bayan ng Laurel, Batangas ay lupang sakahan. May mga programang nakalaan ang lokal na pamahalaan upang mapaunlad ang sistemang pang-agrikultura. Isang mahalagang usapin ay kung sumasapat ba ang mga programang ito upang paunlarin ang sistemang pangsakahan sa bayan ng Laurel. Para sa MOFA, matinding hamon sa samahan ang patuloy na pagkilos at pagsusulong ng interes ng mga magsasaka.

Ano ang nagbibigkis sa samahan ng mga magsasaka sa Molinete upang mag-organisa at kumilos? Ano ang proseso ng pag-oorganisa na kanilang pinagdaanan at paano pinananatili ang mapanlahok na proseso sa pamamahala ng proyektong pang-agrikultura at sa pagtataguyod ng sustenableng kaunlaran? Paano maiugnay sa gawaing pagpapaunlad ng pamayanan ang mga karanasan at inisyatibong nagawa ng MOFA?

Layunin ng pag-aaral ang mga sumusunod:

- Matukoy ang mga salik na nagbibigkis sa sama-samang pagkilos ng mga magsasaka ng Molinete sa Laurel, Batangas;
- Mailahad ang mga pinagdaanang karanasan at proseso ng pag-oorganisa at pakikilahok ng samahan sa pamamahala sa gawaing pang-agrikultura; at
- Maiugnay ang mga aral mula karanasan ng MOFA sa pag-oorganisa at pamamahala sa gawaing pagpapaunlad ng pamayanan.

## **Mga kaugnay na konsepto**

### *Kalagayang Panlipunan*

Ang konsepto ng kahirapan ay lumawak mula pa noong pagpasok ng ika-dalawampung siglo. Bahagi ng konseptong ito ay ang pagtingin sa bulnerableng kalagayan at kawalan ng kapangyarihan

ng ilang sektor ng lipunan (ADB, 2005). Maiuugnay ang bulnerableng kalagayang ito sa pagkakaroon ng diskriminasyon sa partikular na grupo, o tingnan ang kawalan ng kapangyarihan kaugnay ng kawalan ng inklusibong pananaw ng kaunlarang panglipunan. Ito ay maituturing na tunggalian sa lipunan. Kaugnay ito ng pagtingin na ang pagbabago sa antas ng pamumuhay ay kailangang dumaan sa isang tagisan, ito man ay usaping panglipunan, ekonomiya, politika, kultura at kalikasan.

Ayon kay Charles Darwin, na naglikha ng isang teorya ukol sa ebolusyon, ang buhay sa daigdig ay tagisan ng matitibay— at ito ay nasa kamay ng mga nagwawagi sa tagisan (CPAR, 1991). Iniangkop naman ito ni Karl Marx sa larangan ng tunggalian ng mga uri sa lipunan. Ayon sa kanya, kailangan mag-ipon ng lakas ang naaaping uri upang sila ang magwagi sa tagisan ng mga uri at mamuno sa pagpapatakbo ng lipunan (CPAR, 1991). Mahalaga ring isaalang-alang kung paano binibigyan ng kahulugan ang ugat at dahilan ng kahirapan. Dahil ito ay magbubunsod sa mamamayan upang alamin ang akmang tugon na pipiliin upang harapin at baguhin ito (Dela Cruz, L.P., 2009).

### *Gawaing Pagpapaunlad ng Pamayanan*

Malalim ang kahulugan ng kaunlaran. Ang kaunlaran ay isang proseso na nagpapalawak sa kalayaan na tinatamasa ng pamayanan (Sen, 1999). Dagdag ni Sen, ang kaunlaran ay dapat tumugon sa pagpapalawig ng ganap na buhay at pagkakaroon ng kalayaan. Ang kaunlaran ay paglikha ng maayos na buhay para sa lahat (Peet & Hartwick, 2009). Ang konsepto ng maka-kalikasang karapatang pantao ay binigyan-pansin kaugnay ng pagkilala sa karapatang magkaroon ng malinis at ligtas na kapaligiran.

Ang pakikilahok ng mga tao ay kritikal na salik sa gawaing pagpapaunlad ng pamayanan (Luna, et al, 2009; Gaventa, 2012; WB, 2013). Ang pakikilahok sa lokal na antas ay kailangan sa pagsusuri ng kalagayan, pagbubuo ng mga ugnayan sa pamayanan, at upang magkaroon ng maayos na pamamahala (Mansuri & Rao, 2013). Bukod dito, mahalaga rin ang desentralisasyon ng mga rekurso sa lokal na pamayanan (Mansuri & Rao, 2013).

## *Kolektibong Pamamahala*

Ang pamamahala ay tumutukoy sa kolektibong pagdedesisyon (Chhotray & Stoker, 2009). Dagdag ni Stoker, ito ay mga interaksyon ng mga independenteng samahan sa lipunan na magkaka-ugnay sa isang sistemang pampulitika. Isang makabagong anyo ng pamamahala ay ang mapanlahok o kolektibong pamamahala. Binigyan-pansin sa konseptong ito ang pagkakaroon ng mas malawak na kahulugan ng pamamahala bilang proseso at istrategiya ng pagpapaunlad ng pamayanan.

Tatlong pangunahing prinsipyo ng mabuting pamamahala ang tinukoy sa isang pag-aaral ng Affiliated Network for Social Accountability in East Asia and the Pacific (ANSA – EAP, 2014): “*transparency*” o isang bukas na impormasyon para sa publiko, “*accountability*” o pag-ako sa desisyon o responsibilidad, at ang pakikilahok ng pamayanan sa isang makabuluhang gawain sa lipunan. Kaugnay nito ay ang konsepto ng “*social accountability*” o ugnayan sa pagitan ng mamamayan at ng pamahalaan sa pagsubaybay sa paggamit ng mga rekurso at implementasyon ng mga proyekto ng pamahalaan. Layunin nito na mapahusay ang mga serbisyo, maprotektahan ang mga karapatang pantao, at maitaguyod ang kapakanan ng pamayanan.

Ang bawat nilikha ay may potensyal na kakayahan – nagsisimula sa anyong kulang o di ganap at tumutungo sa kaganapan o pinakamaunlad na estado ng sarili (CPAR, 1991). Mahalaga ang potensyal na ito sa pamamahala ng samahan at pamayanan, gayun din sa pamamalakad ng mga proyekto. Tatlong bagay ang puedeng tingnan sa proseso ng pag-unlad: (1) Ang larawang diwa o sukatan ng inaasam na antas ng isang lipunan; (2) Ang kasaysayan ng pagbabago ng lipunan; at (3) Mga inisyatibo tungo sa kaunlaran mula sa mga iba’t ibang katuwang na grupo at institusyon (Dela Cruz, L.P., 2009).

Ang konsepto naman ng mapanlahok o kolektibong pamamahala ay nangyayari sa pang araw-araw na gawain ng komunidad at ugnayan ng mga tao. Maituturing itong bahagi ng kaugalian sa pamayanan sa pagharap sa mga kondisyon sa buhay, upang lumago at umunlad (Ferrer, 2006). Ang kumpas ng ganitong pamamahala ay nakabatay sa pamumuno, pag-angkin o pakikiisa

ng mga kasapi sa mga gawain, at pagpapalakas ng samahan. Ang pakikilahok sa konsepto ng kaunlarang panglipunan ay nagtataguyod ng pantay na pagpapahalaga sa bawat indibidwal at sa pangkalahatang pamayanan; at pinatataas nito ang kapasidad ng isang tao patungo sa kaganapan ng buhay (Ferrer, 2006).

### **Ang paglalakbay ng Molinete Farmers Association (MOFA)**

Ang Molinete Farmers Association (MOFA) ay samahan ng mga magsasaka sa Barangay Molinete, Laurel, Batangas. Nabuo ang samahan taong 2013 na kinabibilangan ng halos 70 kasapi mula sa kababaihan at kalalakihan na manananim ng gulay, magsasaka ng palay at mga naghahayupan. Sa kasalukuyan, ang samahan ay nagsusulong ng natural at organikong sistema ng gawaing pang-agrikultura tulad ng paggawa ng mga pataba gamit ang mga organikong pamamaraan. Bahagi ng adbokasiya ng grupo ay ang pamamahala ng isang maliit na “demo farm” kung saan sinimulan ang pagtatanim ng iba’t ibang gulay, pag-aalaga ng baboy, at pagtimpla ng mga inumin galing sa prutas.

Naging matinkad at mapanghamon ang pinagdaanan ng kasapian sa pag-oorganisa at pakikilahok upang makamit ang kasalukuyang antas ng samahan. Kaugnay nito ang masidhing paghahangad na maisakatuparan ang mga pangarap na kaganapan ng buhay para sa pamayanan ng Molinete, lalo na ang mga kasama sa gawaing pang-agrikultura.

#### *Maikling Kasaysayan*

Nagkaroon noon ng isang samahan ng mga magsasaka sa Molinete na halos lagpas isang dekada rin nagtagal. Naging miyembro nito ay mga magsasaka at manananim na nakatira sa barangay. Ngunit may kakulangan ang samahan sa pagsulong ng interes ng mga magsasaka. Mayroong programang pang-agrikultura ang lokal na pamahalaan subalit hindi ito ramdam sa pamayanan ng Molinete. Marami ang dumaraing na miyembro pero walang naglakas loob na basagin ang ng pananahimik ng samahan. Kinalaunan, nagpasya ang ilan sa mga miyembro na magsulong ng panibagong halalan upang makapili ng magiging bagong lider -- lider na magpapadaloy ng interes ng samahan at hindi lider na nagsusulong ng interes ng iilan.

Namulat ang kasapian sa tunay na kalagayan ng sistemang agrikultura sa Molinete: kawalan ng pag-usad ng samahan dahil sa walang malinaw na direksyon at gampanin; kakapusan ng kaalaman sa mga teknolohiya na magpapabago sa proseso ng sakahan; at kakulangan sa dagdag ani at kita sa kabila ng mga kasalukuyang programa ng lokal na pamahalaan. Ang suliranin ay uminog sa mahinang pamumuno, kawalang direksyon ng grupo, at kakulangan sa inobasyon sa agrikultura. At ito ang naging tuntungan ng kasapian para sa isang kolektibong hamon at desisyon na nagpabago sa anyo ng samahan sa Molinete.

Hindi malilimutan ng grupo ang paghalal sa kauna-unahang babaeng lider na kilala bilang aktibo, masipag at mapagkumbabang magsasaka sa Molinete. Nagkaisa ang mga miyembro na maghalal ng isang babae bilang bagong mamumuno para sa samahan, bagay na hindi tinutulan ng pangkalahatan dahil sa paghahangad ng pag-usad ng interes ng mga kasapi. Binigyan ng samahan ng kahalagahan ang pagiging maaruga at mapagkalingang lider; ang pagiging matiyaga, masinop at mapangarap na pamumuno para sa interes ng nakararami. Para sa kanila ito ay ang prinsipyadong pamumuno. Para sa bagong pagsisimula, nagdesisyon ang grupo na pangalanan ang samahan bilang Molinete Farmers Association o MOFA. At dito pinunla ang bagong binhi ng pangarap at pag-usad ng bagong samahan ng magsasaka sa kanilang barangay. Naging hamon sa pamunuan at mga miyembro kung paano lilinangin ang kasalukuyang kalagayan ng grupo. Higit na mapanghamon ay kung paano hubugin ang direksyon ng MOFA patungo sa pag-unlad. Sa kabila ng mga hamon, nagkaisa ang lahat na ang kanilang kolektibong pagsusuri at pagdedesisyon ang kailangan para tugunan ang kasalukuyang suliranin.

### *Diwa at direksyon ng samahan*

Pinalalim ng karanasan ng MOFA ang kolektibong pagsusuri, pagdedesisyon at pagkilos ng samahan. Ang pag-angkin sa kanilang nakaraan at tagumpay sa kasalukuyan ang nagsilbing tuntungan ng MOFA upang pukawin ang diwa ng kasapian at bigyan ng hugis ang kanilang samahan. Ang pagbalangkas ng malinaw na tunguhin at pangarap ang nagbunsod upang mabuo ang mga batayang prinsipyo na mag-uugnay sa bawat miyembro.

Bilang batayan ng pagkakaisa, naniniwala ang bawat kasapi ng samahan sa pagpapaunlad ng kabuhayan at antas ng pamumuhay sa pamamagitan ng natural na pamamaraan ng pagsasaka. Kolektibong pinagkasunduan na dapat direktang makinabang ang pamayanan sa mga gawaing pangkabuhayan. Maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamantayan: ang pagkakaroon ng kasiguruhan sa kasapatan sa pagkain sa bawat hapag ng pamilya, ang mapaunlad ang kaalaman, mapalakas ang mga kasanayan, at mapayabong ang mga magandang pag-uugali kaugnay sa sistema ng pagsasaka. Hangad nila na pagkalipas ng limang (5) taon, lahat ng kasapi ng MOFA ay may sapat o higit na pagkain sa mesa, natutugunan ang pangangailangan ng pamilya at nakakapagbahagi sa iba. Bilang panimula ng kanilang pag-oorganisa, napagkaisahan ng kasapian na magbuo ng labinlimang kalatas na magsisilbing binhi na magpapaalala sa bawat kasapi ng mga prinsipyo at sandigan ng samahan.

#### *Labinlimang kalatas ng Molinete Farmers Association*

1. Sa akin magmumula ang pagbabago, ngayon ako magbabago, dito ako magbabago.
2. Ako ang kikilos para sa pagbabago at kaunlaran ng bayan ko.
3. Lagi akong magsisiskap sa anumang larangan upang makamit ang kaunlaran.
4. Itataas ko ang antas ng pamumuhay ng aking pamilya upang maitaas ang antas ng pamumuhay ng aking pamayanan at bansang Pilipinas.
5. Pagpapahalaga at paggalang ang ibibigay ko sa aking kapwa.
6. Lagi kong aalalahanin at pagbubuhusan ng pansin ang magagandang pangarap sa sarili, pamilya, kapwa, bayan at kalikasan.
7. Proteksyon at pangangalaga ang alay ko sa kalikasan mula sa lupa, lawa at himpapawid.

8. Hindi mahalaga kung gaano karami ang aking nakamit bagkus kung gaano karami ang aking naibigay at naialay sa bayan, kapwa at kalikasan.
9. Itataguyod ko ang diwa ng pagkakaisa, maayos na ugnayan ng may hustisya, kapayapaan, at pagmamahalan.
10. Igagalang ko ang aking watawat at ang pambansang awit ng aking bayan.
11. Sisikapin ko sa lahat ng pagkakataon na maging masunurin, matapat at uliran sa mga umiiral na batas ng aking bayan.
12. Itataguyod ko ang lupang sakahan para sa paglaya sa gutom at makamit ang kasapatan sa pagkain, maayos at maunlad na pamumuhay.
13. Sisikapin kong magpakumbaba at manatiling simple sa kabila man ng aking naabot o naiambag.
14. Itataguyod ko ang Molinete Farmers Association hanggang sa mailuklok siya sa mapa ng Pilipinas at maging huwaran ng kagalingan, kaayusan, respeto, pagpapahalaga, kaunlaran at kasaganahan hindi lamang ng barangay Molinete kung hindi ng buong Pilipinas.
15. Ang lahat ng aking gagawin ay alay ko sa Diyos at walang ibang itataas kung hindi ang Diyos lamang dahil siya ang dahilan, pangarap, kahulugan ng lahat ng aking ginagawa.

Sa mga kalatas na nabanggit umusbong ang mga pananaw, gampanin, layunin at mga prinsipyo ng samahan upang bigyan ng direksyon ang landas na tatahakin ng MOFA.

**Pananaw ng samahan:** “Isang samahan na maka-Diyos, nagkakaisa, may mayaman na kaalaman at kakayahang masiguro ang sapat na pagkain, pantay na bahaginan na natutugunan ang seguridad ng pamayanan”



**Gampanin ng samahan:** “Ang samahan ng mga magsasaka ay magkaroon ng kasiguruhan sa pagkain sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok ng mga kasapi sa mga kasanayan sa pagtangkilik sa natural o organikong pagsasaka at paglulunsad ng mga proyektong pangkabuhayan, na may kahandaan para sa mas likas-kayang pag-unlad, may pagpapahalaga sa Dakilang Lumikha, kalikasan, kasapian, at mga patakaran ng Molinete Farmers Association”.

**Mga prinsipyong gumagabay sa samahan:** “May pananalig sa Dakilang Lumikha, Mahusay na pamamahala, Paniniwala sa kakayahan ng mga kasapi, Pagpapahalaga sa kalikasan at kapaligiran, Pagkilala sa tuwangan.”

*Mga layunin ng samahan:*

- Maging aktibo ang 80% ng mga kasapi ng Molinete Farmers Association sa taong 2017.
- Magkaroon ng karagdagang 25% kasapi ng samahan ang mayroong sapat na kaalaman, kasanayan at gumagawa ng mga natural na paraan ng pagsasaka sa taong 2016.
- Sa taong 2020, 90% ng mga magsasakang kasapi ng Molinete Farmers Association ay maging kabahagi ng mga proyekto sa kasiguruhan sa pagkain at pangkabuhayan.
- Mapalawig ang mahusay na pamamahala sa samahan at mga proyekto para sa likas-kayang pag-unlad sa taong 2020.

*Pag-oorganisa at Pagkilos*

Nagdaos ang MOFA ng dayalogo at negosasyon para sa malinaw na programang pang-agrikultura kasama ng lokal na pamahalaan ng Laurel, Batangas. Ang sama-samang tinig at pagkilos ng MOFA ay nagsilbing panggising sa mga lokal na ahensyang pang-agrikultura. Pumukaw din sa bawat miyembro ng bagong samahan ang prosesong pinagdaanan at kolektibong pagkilos. Sa tingin nila, naging matagumpay ang proseso at plano na sinimulan ng samahan.

Simula noon nagkaroon ng ugnayan ang Molinete Farmers Association at ang lokal na pamahalaan at ang lokal na ahensya sa pang-agrikultura, naging maigting ang pagsusulong sa interes ng mga magsasaka.

*Mga kasalukuyang gawain at proyekto ng samahan:*

1. Ang pagtatayo at pagtataguyod ng sentrong linangan ng mga kakayahan

Sa pasilidad na ito nagaganap ang paggawa at paggamit ng iba't ibang inobasyon at makabagong teknolohiya para sa natural na pagsasaka. Kalakip ng pagtuklas na ito ang produksyon ng mga organikong produkto na makakatulong sa sistemang agrikultura. Pinalalakas din ng proyekto ang patuloy na pagtataguyod at pagpapalaganap ng impormasyon sa lokal na produksyon ng mga organikong produkto. Higit pang pinagyayaman at pinaunlad ang mga gawaing ito kasabay ng pagpasok sa larangan ng pamilihan upang makinabang ang nakararami sa mga organikong produkto at mga pataba para sa paghahalaman at paghahayupan sa mas mababang halaga. Hangad ng samahan na makinabang hindi lang ang mga kasapi ng samahan kundi ang nakararaming pamayanan pang-agrikultura.

Sa lahat ng inisyatibong nabanggit, magkatuwang ang lokal na pamahalaan, mga organisasyon tulad ng World Vision na gumagabay sa teknikal na aspeto, at ang MOFA upang mas epektibong mapanatili ang tuloy-tuloy na adhikain para sa sistemang agrikultura. Ang sentrong linangan ng mga kakayahan ang nagsisilbing lugar at tagpuan ng lahat ng mga pagsasanay para sa lahat.

2. Pagtataguyod at paglilinang ng organikong pataba

Ang pagtataguyod at patuloy na paglikha ng mga organikong pataba at mga iba't ibang organikong inumin na gawa sa natural na pamamaraan ay isa sa mga proyekto ng samahan. Sinimulan ang inisyatibong ito upang tumugon sa pangangailangan ng mga magsasaka sa Molinete para sa mga abot kayang pataba sa agrikultura. Ito ay nakakatulong sa pagtaas ng produksyon ng mga produktong pang-agrikultura. Nagsimula ang MOFA na pumasok sa pamilihan noong 2015 hanggang sa kasalukuyan. Simula noon naging bahagi na ang mga produktong gawa sa natural na pamamaraan sa paghahayupan (kapit-babuyan) at pagtanim ng gulay (kapit-gulayan). Sa

kasalukuyan, patuloy na tinataguyod at pinapalaganap ng MOFA ang mga impormasyon tungkol sa benepisyo ng natural na pamamaraan ng pagsasaka. Kaakibat nito ay ang adbokasiya na umiwas sa paggamit ng mga patabang mayroong kemikal na maaaring may masamang epekto sa lupa, halaman, kapaligiran at sa tao.

### 3. Proyektong Kapit-Babuyan at Kapit-Gulayan

Ang proyektong kapit-babuyan ay nakaugnay sa pag-aalaga ng mga baboy na pinalaki gamit ang natural at organikong pamamaraan. Nagsusulong ito ng makakalikasan, mababang gastusin, mas malusog at malaya sa anumang uri ng kemikal na pataba para sa hayop. Ang kapit-gulayan naman ay tungkol sa pagtatanim at pagpapalago ng iba't ibang uri ng gulay na nakalaan para sa pagkain ng mga pamilya ng mga kasapi. Ang ibang bahagi naman ng produksyon ay dinadala sa pamilyahan. Ang kita na nakukuha mula sa pagbebenta ng mga produkto ay pinagsasama-sama at pinaghahatian sa takdang panahon.

### 4. Community Managed Savings and Credit Association (CoMSCA)

Ang pamamahala sa aspetong pinansyal ng pamayanan ang siyang tuon ng proyektong CoMSCA. Layon nito na itaguyod ang kapasidad ng mga pamilya na magkaroon ng sariling inisyatiba at mekanismo sa pag-iimpok. Binibigyan pagkakataon ang lahat -- bata, kabataan, babae, lalaki, may kapansanan, nakatatanda at iba pang sektor na lumahok sa mga impukan na tulad ng CoMSCA upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pamamahalang pinansyal at pag-iimpok.

### 5. Programa ng imersyon para sa mga estudyante ng Unibersidad ng Pilipinas

Ang samahan ng Molinete ay naging lugar para sa imersyon ng mga mag-aaral mula sa Departamento ng Pagpapaunlad ng Pamayanan. Naging daan ang samahan upang matutunan ng mga mag-aaral ang pakikipamuhay sa mga magsasaka. Dito pinakilala ng MOFA ang salitang "agribista" na naglalarawan ng pagkilos nang sama-sama upang isulong ang sistemang paggamit ng natural at

organikong pagsasaka. Bahagi ng mga gawain sa imersyon ay ang aktuwal na pagtatanim ng mga estudyante ng mga gulay gamit ang organikong pataba. Pinararanas din sa kanila ang paggawa ng mga organikong pataba gamit naman ang mga sangkap mula sa mga gulay at iba pang mga halaman.

Nagkakaroon ng mga palitan ng kuro-kuro at kaalaman sa pagitan ng mga miyembro ng MOFA at mga mag-aaral tungkol sa mga proseso at pamamaraan ng gawaing pagpapaunlad ng pamayanan na nakabatay sa karanasan ng samahan. Layunin ng ganitong talakayan na maunawaan ng mga mag-aaral ang balanseng pagtingin sa teorya at praktika tungo sa pagkatuto.

### *Kolektibong pamamahala*

Naipanalangin ng MOFA bilang samahan ang pagkakaroon ng pondo upang masimulan ang mga planong proyekto at ang pagkakaroon ng isang lugar na pagdadausan ng mga pagsasanay para sa mga kasapi. Ito rin ang naging tanggapan ng samahan at lugar na nagtataguyod ng kanilang adbokasiya para sa paggamit ng organikong pagsasaka at iba pang mga inobasyon. Dahil sa mga proyektong ito ay nagkaroon ng taunang pondo ang samahan mula sa lokal na pamahalaan para sa tuloy tuloy na pagpapadaloy ng kanilang mga proyekto. Naging daan din ang MOFA upang tukuyin ang mga manananim at naghahayupan para mabahagin ng mga binhi at hayop na pinamamahagi ng lokal na pamahalaan. Katuwang ang samahan sa pagsubaybay sa pagpapatakbo ng mga proyekto sa pamayanan. Layunin ng mga gawaing ito na makinabang ang mga karapatdapat na indibidwal sa mga proyekto ng pamahalaan, mapakinabangan ang pondong nakalaan sa agrikultura, at masubaybayan ang implementasyon nito.

Ang MOFA bilang Agribista ay kolektibong kumikilos upang mapaunlad ang sistemang agrikultura sa kanilang pamayanan. Ito ay praktikal na paglalarawan ng pagpapaunlad ng pamayanan. Matingkad ang pagpapahalaga sa pag-oorganisa, pagsusuri ng kalagayan, at pagkatuto mula sa karanasan. Naging daan ito sa paglago ng samahan at pamamahala ng mga rekurso at proyekto, gayun din sa mobilisasyon at kolektibong pagtataguyod ng mga organikong pamamaraan sa pagsusulong ng makakalikasang interes sa sistemang pang-agrikultura.

## **Ang Gawaing Pagpapaunlad sa Pamayanan batay sa karanasan ng MOFA**

Ayon kay Deriquito (2009), ang karunungan ay lumalago at lumalawak sa gitna ng pagharap sa mga suliranin, lalo kung ito ay napag-uusapan at natutugunan. Batay sa karanasan mula pag-oorganisa hanggang sa mapanlahok na pamamahala ng mga proyekto at rekurso ng MOFA - patuloy ang kanilang pagiging agribista - patuloy na pagkilos para sa agrikultura, patuloy ang daloy ng sama-samang pagsusuri at pagpapanday ng sistemang agrikultura. Magkatuwang ang mga organisasyon at lokal na pamahalaan sa mga gawain tungo sa pagpapaunlad sa pamayanan.

Kritikal ang proseso ng aktibong pakikilahok ng mga lokal na samahan sa pagpapaunlad ng pamayanan. Para sa sektor ng agrikultura, ang pag-oorganisa at pagkilos ay kakabit ng sustenableng pag-unlad ng agrikultura. Mahalaga sa usaping ito ay ang pagpapalalim ng mga kakayahan at mga kasanayan ng mga tao, pag-angat ng antas ng pakikilahok ng pamayanan hindi lamang bilang porma ng 'tokenismo' ngunit sa antas ng pakikibahagi sa mga susing desisyon, at pagtataas ng antas ng kalagayan ng mga tao tungo sa ganap na buhay (Luna, et al., 2009).

Ang gawaing pag-oorganisa ay tinuturing na gulugod ng gawaing pagpapaunlad ng pamayanan. Mula sa pagsusuri ng kalagayan, pagpapanday ng kapasidad ng mga lider, pagbubuo ng mga samahan, mobilisasyon, tungo sa pagpapatatag at pagpapalawak ng samahan - layunin nito na mapagsama-sama ang mga tao sa proseso ng kolektibong pagkilos para mabago ang kanilang kalagayan (Luna, et. al, 2009). Dagdag ni Luna, ang pamamahala ng mga rekurso sa pamayanan ay ang unang hakbang sa pagkakaroon ng 'assets' na magbibigay ng mga pangunahing serbisyo. Kaugnay ito sa paghahanap ng alternatibong sistema ng produksyon at pamamahagi ng serbisyo at benepisyo para sa mga nangangailangan.

Nagsilbing daan ang karanasan ng pagkilos at negosasyon sa pagitan ng kasapian ng MOFA at lokal na pamahalaan upang makalahok ang samahan sa mga importanteng desisyon. Ang negosasyon ay nagsilbing hakbang sa kolektibong pagkilos at kritikal na kolaborasyon ng samahan sa lokal na pamahalaan at ibang organisasyon. Kritikal na kolaborasyon ito dahil nananatili ang kanilang pagtindig bilang

agribista, na nagsusulong ng sustenableng sistema ng agrikultura para sa interes ng nakakarami.

Ang pagiging agribista ay nangangahulugan ng patuloy na pakikibahagi at paggampan sa pagpapaunlad ng lipunan gamit ang mga pataba ng pag-oorganisa at kolektibong pamamahala ng mga rekurso upang alagaan ang mga pinunlang binhi ng pagbabago tungo sa mas mayabong na ani ng kaunlaran. Mahalagang hamon sa pagiging agribista ay ang patuloy na paglilinang ng kapasidad tungo sa mas ganap at epektibong programang pang-agrikultura.

Ang karanasan ng MOFA bilang agribista ay nagpapatibay ng pananaw na susi ang pagmumulat at aktibong partisipasyon ng batayang sektor sa pagpapaunlad ng pamayanan. Para sa MOFA ang pag-oorganisa at pag-aaral ay tuntungan sa kanilang patuloy na pagkilos para maiangat ang kalagayan ng samahan at ng pamayanan.

### **References**

- Affiliated Network for Social Accountability in East Asia and the Pacific (ANSA – EAP). (2014). *Social accountability an approach to good governance*. Retrieved from <https://www.coursera.org/?skipRecommendationsRedirect=true&tab=completed>
- Asian Development Bank (ADB). (2005). *Poverty in the Philippines: Income, assets, and access*. Retrieved from <https://www.adb.org/sites/default/files/publication/29763/poverty-philippines.pdf>
- Chhotray, V., & Stoker, G., (2009). *Governance theory and practice: A cross-disciplinary approach*
- Congress for a People’s Agrarian Reform (CPAR), (1991). *Tungo sa makatarungang kasunduan, manwal sa negosasyon*
- Dela Cruz, L.P., (2009). *Rethinking and redefining development, community development praxis in the Philippines*. QC: CSWCD, UP Diliman

- Deriquito, L. C., (2009). *Sustainability: Myth or Reality? Understanding the Concept and Nature of Sustainability and the Factors Affecting It*. Masters Thesis, CSWCD, UP Diliman
- Ferrer, O. P., (2006). *Community governance -- Understanding community processes and initiatives: Four case studies on local initiatives in public administration and governance*. Doctoral Dissertation, NCPAG, UP Diliman
- Gaventa, J., (2012). *Mapping the outcomes of citizen engagement*. Retrieved from [http://www.tphlink.com/uploads/1/1/4/0/11401949/mapping\\_outcomes\\_in\\_citizen\\_engagement](http://www.tphlink.com/uploads/1/1/4/0/11401949/mapping_outcomes_in_citizen_engagement)
- Luna, E.M., et al, (2009). *Community development praxis in the Philippine settings*. CSWCD, UP Diliman, Quezon City.
- Mansuri, G., & Rao, G. (2013). *Localizing development does participation work? A World Bank policy research report*. Retrieved from Coursera Massive Open Online Course <https://www.coursera.org/?skipRecommendationsRedirect=true&tab=completed>
- Peet, R., & Hartwick, E., (2009). *Theories of development contentions, arguments, alternatives*. Second Edition. The Guilford Press, New York and London
- Sen, A., (1999). *Development as Freedom*, Alfred A. Knopf, Inc., New York
- World Bank Group. (2013). *Strategic framework for mainstreaming citizen engagement in World Bank Group operations*. Retrieved from Coursera Massive Open Online Course <https://www.coursera.org/?skipRecommendationsRedirect=true&tab=completed>